## APPLICATION

- Ikaw ba ay ipinanganak na sa Diyos? Ikaw ba ay nabubuhay para sa Kanya o sa kasalanan? Ano ang kailangan mong talikuran upang higit mo pang makilala ang Diyos?
- Anong bahagi ng iyong pamumuhay ang hindi ayon sa iyong paniniwala? Papaano mo isasapamuhay ang ating pinag-usapan ngayon?
- Naniniwala ka bang ikaw ay magiging malaya mula sa pamumuhay sa kasalanan, upang maparangalan mo ang Diyos sa iyong buhay? Papaano mo sisimulang ipamuhay ang mga ito sa linggong darating?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos para sa Kanyang banal na plano na iligtas ka at gawin kang matuwid. Manalangin na sa bawat araw na dumaraan, mas lalalim pa ang iyong pang-unawa sa ginawa ni Jesus sa krus para sa iyo.
- Magsisi sa anumang bagay na kinasangkutan mo na hindi kaaya-aya sa Diyos. Hingin sa Kanya na tulungan kang lumayo sa kasalanan at mamuhay kasama Siya ng may katagumpayan.
- Ipanalangin na ang iyong pagkakakilanlan ay umayon sa iniisip ng Diyos tungkol sa iyo at baguhin nito kung papaano ka mamuhay. Ipanalangin na maipakilala mo si Kristo saan ka man tumungo.

VICTORY

Copyright © 2014
Permission to photocopy this material from Victory® is granted for local church use. This is not for sale.
victory.org.ph




FILIPINO **WEEK 2**

# Nabubuhay sa Pagkamakatwiran

## NOTES

## WARM-UP

- Gunitain ang isang pangyayari na akala mo ay nasa tama ka pero nagkamali ka pala. Anong nangyari?
- Ibahagi ang iyong mga libangan o mga interes, na gustong gusto mong gawin ng madalas. Bakit gustong gusto mo itong gawin?
- Ano ang isang bagay na napagsabihan ka ng iyong mga magulang noong bata ka pa? Papaano nabago ng paunti-unti ang iyong mga nakagawian?

**WORD** *Alam ninyo na si Kristo ay matuwid, kaya makasisiguro kayo na ang lahat ng taong gumagawa ng matuwid ay mga anak ng Diyos.* **1 JUAN 2:29**

Sa liham niya, ninais ni Apostol Juan na maunawaan ng mga mananampalataya na ang ating paniniwala ay may tuluyang kaugnayan sa ating mga kinikilos. Sa madaling salita, ang ating pamumuhay—at hindi lamang ang ating mga sinasabi—ang nagsasalamin sa ating pinaniniwalaan. Dahil ang Diyos ay matuwid (sa Kanya'y walang kamalian, kasalanan, o maling gawa) at kung inaangkin nating tayo ay Kanyang mga anak, gagawin din natin kung ano ang tama. Sa aralin na ito, titingnan natin ang tatlong katotohanan mula sa 1 Juan 3 patungkol sa pamumuhay ng matuwid.

## 1 Ang mga taong gumagawa ng kasalanan ay hindi nakakakilala sa Diyos.

*Alam ninyo na si Kristo ay matuwid, kaya makasisiguro kayo na ang lahat ng taong gumagawa ng matuwid ay mga anak ng Diyos.* **1 JUAN 1:5**

Itinuturo ni Juan na yung mga nakakakilala sa Diyos ay iba kung mamuhay—dahil tunay na hindi posible ang makakilala sa Diyos at sinasadyang magkasala pa rin. Sa paghahangad natin ng ugnayan sa Diyos, iiwanan natin ang makasalanang pamumuhay. Ibahagi kung paano mo tinalikuran ang makasalanang pamumuhay dahil nakatagpo mo ang Diyos.

## 2 Winasak ni Kristo ang kapangyarihan ng kasalanan.

*[5]Alam ninyong si Kristo na walang kasalanan ay naparito sa mundo upang alisin ang ating mga kasalanan. [8]. . . Ito ang dahilan kung bakit naparito ang Anak ng Diyos, upang wasakin ang mga gawa ng diyablo.* **1 JUAN 3:5,8**

Lahat tayo ay nagkasala at samakatuwid, ay hindi kailanman magiging matuwid sa ating sariling kakayahan (Roma 3:10). Wala tayong kakayahang gumawa ng tama at sumunod sa Diyos ng walang mintis. Kapag iniwan tayong mag-isa, mananatili tayo sa ating kasalanan. At dahil alam Niya ito, ipinadala ng Diyos ang Kanyang Anak upang palayain tayo sa kasalanan at sirain ang gawa ng diyablo. Papaano nasira ng pagkakakilala mo kay Kristo ang kapangyarihan ng kasalanan sa iyong buhay?

## 3 Ang mga taong ipinanganak sa Diyos ay hindi gawain ang pagkakasala.

*Ang sinumang naging anak ng Diyos ay hindi na nagpapatuloy sa kasalanan dahil ang katangian ng Diyos ay nasa kanya na. At dahil nga ang Diyos ay kanyang Ama, hindi na siya nagpapatuloy sa kasalanan.* **1 JUAN 3:9**

Sinasabi ni Juan na kung tunay nating kilala ang Diyos at naipanganak na tayo sa Kanya, hindi na tayo makakapagpatuloy pang magkasala. Ito ay dahil alam na natin kung sino tayo kay Kristo at nananahan Siya sa atin. Bakit natin kayang huminto sa pagkakasala? Ayon sa 1 Juan 3:2,3, ano ang tumutulak sa ating mamuhay ng matuwid at linisin ang ating mga sarili?